# Maui Wildfire Recovery – Water Mission
# Mag-uumpisa ang EPA na Inspeksyunin ang Sewer sa Lahaina

**Ang daming binibigay ng Maui sa mundo. Bilang mga bisita, ipinagpipitagan naming ibigay pabalik sa kanila ang aming suporta.**

**Enero 24, 2024**

Sa linggo ng ika-5 ng Pebrero, ang U.S. Environmental Protection Agency (EPA) ay magsisimula na sa pag-inspeksyon sa mga sewer line bilang suporta sa County ng Maui. Ang trabahong ito ay kinabibilangan ng paglilinis ng mga sewer line para maalis ang mga labi/humaharang dito at pag-inspeksyon sa mga linya kung may mga pinsala at iba pang mga isyu na maaaring magdulot ng mga wildfire (malawakang sunog).

**Magbibigay ang EPA ng flyer/abiso sa mga may-ari ng residential at commercial na nakatayong istruktura. Ang abiso ay ibibigay dalawa o tatlong araw bago mag-umpisa ang pagtatrabaho. Sa sandaling maumpisahan, makukumpleto ang trabaho sa loob ng 5 araw na takdang panahon.**

**Ang trabahong ito ay mahalaga sa:**

- Pagbabantay sa Maui Wastewater Reclamation Facility sa pamamagitan ng pagtutukoy at pagbibigay priyoridad sa mga pag-aayos sa sewer line upang maiwasan ang pagsasama ng tubig alat o mga labi na nakapasok dito sanhi ng mga sirang tagiliran ng sewer.
- Iwasan ang pag-apaw ng sewer na maaaring makapasok sa Mga Tubigan ng Estados Unidos at maka-apekto sa kalusugang pantao.
- Suportahan ang preliminary damage assessments upang maisagawa ang mga pag-aayos ng Department of Environmental Management ng County ng Maui bilang suporta sa pagbabalik sa pamamalagi dito.


**Step 1**

**Paglilinis sa Sewer Lines:** Ang unang crew ay gagamit ng isagn jet/vacuum truck upang malinis ang mga sewer line. Kabilang dito ang pagtutulak ng tubig nang sobrang bilis sa pagitan ng dalawang manhole para maalis ang mga labi at pagkatapos ay pag-vacuum sa mga labi hanggang sa nakasaradong tangke. Kapag nasa malapit, maaaring masyadong maingay ang operasyong ito sanhi ng makina at mga mekanikal na operasyon ng truck.



**Step 2**

**Inspeksyon:** Isang ikalawang crew ang nagbababa sa robotic na closed- circuit camera papasok sa manhole. Ang camera ay lumilipat mula isang manhole papunta sa iba para mainspeksyunan ang mga tubo ng sewer.



**Marahil na di posibleng mangyari, ngunit kung magkaroon kayo ng mga isyu sa pagbabara ng sewage sa lugar ng proyekto, mangyaring tumawag sa (808) 229-5184**. Isang serbisyo ng paglilinis ang ipagkakaloob nang walang dagdag na gastos.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga misyon ng EPA sa Maui, mangyaring bumisita sa: https://www.epa.gov/maui-wildfires.